

# Tinig ng mga banyagang residente - ipaabot sa pamahalaan ng ating syudad!



Ang Fujimino International Cultural Exchange Center ay magbibigay ng mga questionnaires, survey at magbubuo ng mga forum para sa mga banyagang residente. Sa aming palagay ay tungkulin din naming ipaabot sa munisipyo ng ating bayan ang mga problema at pangangailangan ng mga banyagang residente para sa kaaya-ayang pamumuhay ng lahat ng mamamayan. Sa bayan ng Kawasaki at Yokohama , sila ay nagtatanghal ng forum para sa mga banyagang residente para malaman ang kanilang mga opinyon at suhestyon ukol sa mga patakaran ng pamahalaang bayan. Gayundin, nais naming magkaroon ng ganitong sistema sa ating bayan.

## Para sa mga maaring sumali, mamili lamang sa mga sumusunod:

Case A . Sinumang maaring sagutin ang questionnaire.

Case B . Sinumang maaring sumali sa forum para sa mga banyagang residente

Case C. Maaring sagutin ang questionnaire at sumali sa forum

Nais naming marinig ang inyong tinig!  
Ang inyong pakikiisa ay makakabago!

## Mga katanungan sa questionnaire:

### Nais naming malaman ang inyong opinion at ideya ukol sa mga sumusunod:

May alalahanin o problema ba kayo sa pang-araw-araw na pamumuhay dito sa ating bayan?

Sino ang inyong hinihingan ng payo o tulong?

Paano kayo nakakakuha ng mga impormasyon ukol sa pang-araw-araw na pamumuhay?

Ibahagi ang magandang patakaran o serbisyo sa sariling bayan na mas nakakahigit kaysa sa pamamaraan dito sa komunidad ng bansang Hapon.

Alin sa palagay ninyo ang magandang patakaran, serbisyo ng munisipyo na mas nakahihigit

Kung maari kayong sumagot sa questionnaire, padadalhan namin kayo ng kopya sa koreo.

Kung makakasali kayo sa forum, ipapaalam ang detalye (unang forum ay sa Jan.15, 13:30 ~ ).

### Para sa aplikasyon, tumawag o mag-fax (049-275-0371)

May inihanda kaming konting regalo para sa inyong pagmamagandang loob. Bilugan lamang ang inyong nais salihan. Case A Case B Case C

Saan ipapadala ang questionnaire : Tirahan • Pangalan • TEL No. • FAX No.

Maari ding tumawag sa Fujimino International Cultural Exchange Center 049-275-0370

## INFORMATION

### International mini exchange party sa Oimachi

Sept. 11, (Linggo.) 10:00 ~ 14:00  
Sa Oimachi Oi elementary school gym

Magkakaroon ulit tayo ng kasayahan sa taong ito. Simpleng party lamang subalit puno ng maraming masasayang programa. Tiyak matutuwa kayo kaya isama ang buong pamilya.

- **Programa:** Paggawa ng Japanese noodle, matuto ng konting salita ng iba'ibang bansa, pagsulat ng *Hanamoji* (tradisyonal na artes ng Tsina, malabulaklakang pagsusulat), tai chi chuan, palarong magic, atbp. Mayroon ding magic show pagkatapos ng tanghalian!
- **LIBRE ang pagsali**
- Tumawag lamang sa : FICEC  
TEL 049-275-0370

### Nangangailangan - volunteer na guro ng Chinese!

Kailan: tuwing Biyernes  
Oras: 10:00 ~ 12:00am  
Saan: Fujimino International Exchange Center  
Kwalipikasyon: maaring magturo ng Chinese  
Tumawag sa: 049-275-0370

Maraming mga aktibidades sa center, kagaya ng pag-aaral ng mga lengguahe- Koreano, Portuguese, Ingles at Chinese. Nangangailangan ngayon ng guro sa klase ng Chinese. Hindi kailangang kayo ay nag-aral sa mas mataas na antas, basta maari kayong makapagturo ng wikang Chinese at kahit hindi kayo gaanong marunong ng salitang Hapon, malugod naming kayong inaanyayahan.

### Maging handa sa lindol! Sumali sa pagsasanay sa disastro kasama ang pamilya

Kagaya ng nainulat sa nakaraang isyu magkakaroon ng pagsasanay sa Iruma-Tobu Region

Kailante : Aug.28,(Linggo)  
9:00 ~ 12:00am

Saan: Fujimishi municipal  
Mizutani junior high school

Mga programa: pagsasanay sa kunwari ay lumilindol sa loob ng sasakyan., pagtakas habang may usok, pagbibigay ng alpha rice, pagsasanay sa sunog at paggamit ng fire-extinguisher, pagpapasa ng mga balde ng tubig, pagbibigay ng first aid at triangular bandage.

Malakihang pagsasanay:

Pagsasanay kasama ang mga rescue dogs, pagliligtas gamit ang helicopter, sabayang pagpuksa ng apoy ng lahat ng fire engines.

Katanungan: General Affairs  
Section of Fujimi city hall  
049-251-2711



### October 1, 2005 ay "National Census Day".

Ang National Census ay isinasagawa tuwing ikalimang taon para malaman ang bilang ng populasyon sa loob ng bansa. Kasama sa survey na ito ang lahat na residente pati na rin ang mga banyagang naninirahan dito sa Japan.. Ito ay para sa mas kaaya-ayang pamumuhay. Lagdaan lamang ang pormang ibibigay.